

ANG

# Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXIV Blg. 7

Mayo 7, 2003

www.philippinerevolution.org

Editorial

## Ibayong labanan ang papatinding militarisasyon sa Mindoro at ibang lugar

**M**ariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang pagdokot at pagpatay kina Elaine "Eden" Marcellana at Eddie Gumanoy sa Naujan, Oriental Mindoro habang nag-iimbestiga sa mga kaso ng pang-aabuso ng 204th Bde.

Matingkad nitong inilalarawan ang lantaran at wala pang kasintinding panunupil at pamiminsalang dulot ng napakalupit na militarisasyon sa Mindoro mula nang maupo ang kasalukuyang rehimen. Sina Marcellana at Gumanoy ang ika-31 at ika-32 aktibistang pinatay ng mga tropa ng 204th Bde sa pamumuno ni Col. Jovito Palparan.

Noong 2001, idineklara ng Malakanyang na ang pagwasak sa Bagong Hukbong Bayan sa Mindoro ay isang "pambansang prayoridad" sa programang "counter-insurgency" ng AFP. Todo-todong suporta ang ibinigay ni Macapagal-Arroyo sa mga kampanyang militar dito. Ngunit bigo ang pasistang AFP na durugin ang BHB sa isla dahil sa malalim na suporta ng masa rito at sa kanilang mataas na militansyang isulong ang kanilang mga rebolusyonaryong pakikibaka. Kapuri-puri ang ipinamamalas na katatagan ng mamamayan ng Mindoro na puspusang labanan ang militarisasyon doon.

Sa kabiguang puksain ang BHB, itinututok ngayon ng AFP ang kanilang mga baril sa mamamayan.

Lantaran ang paghaharing militar. Walang habas ang paghahasik ng terrorismo sa kanayunan. Ang lalong tumitinding militarisasyon at pagmamalupit ng militar sa Mindoro ay pumipinsala sa



**Mga tampok sa isyung ito...**

Pagpaslang sa mga aktibista sa Mindoro

PAHINA 3

Davao City, laboratoryo ng pasismo

PAHINA 4

Mga hamon sa kilusang manggagawa

PAHINA 6

daan-daang libong mamamayan at yumuyurak sa kanilang interes at mga karapatan. Partikular na tinutukan ng AFP ang mga ligal na organisasyon upang patahimikin ang mga ito sa pursigidong paglantad sa mga kaso ng pang-aabusong militar.

Walang sinasantong batas o mga alituntunin ang AFP sa despedadong kampanyang panunupil nito lalupa't buung-buo itong sinusuportahan ng Malakanyang. Duguan ang kamay ng berdugong si Palparan at gayundin ng amo niyang si Macapagal-Arroyo nang sabitan siya ng medalya at itaas ang ranggo bilang heneral ng AFP.

Baluktot ang pag-iisip ng mga upisyal militar na kanilang "malili-mas ang dagat na nilalanguyan ng isda." Akala nila'y mawawasak nila ang paninindigan ng masa sa pamamagitan ng malawakang pag-deploy ng mga tropang militar, pagpapataw doon ng batas militar at paghahasik ng takot at terorismo. Ipinakikita ng kasaysayan na habang tumitindi ang militarisasyon, lalong nag-iibayo ang determinasyon ng mamamayan na labanan ito. Lalo rin nitong inililinaw sa mamamayan ang kawastuan,

pagkamakatarungan at pangangailangan para sa armadong rebolusyon. Habang dumarami ang biktimang mga pang-aabusong militar, lalo ring dumarami ang nagnanais sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Ang pagpatay kina Eden Marcellana at Eddie Gumanoy ay palatandaan ng lalong pagtindi ng kampanyang panunupil ng AFP. Sa kabilang panig, pinupukaw naman nito ang mamamayan Pilipino na pag-ibayuhin ang kilusang masa upang labanan at wakasan ang militarisasyon at pasismo sa Mindoro at sa iba pang lugar.

Tuluy-tuloy na pinalalakas at kinokonsolida ang mga organisasyong masa sa kanayunan at itinataas ang militansa ng mamamayan na labanan ang militarisasyon at ipagtanggol ang kanilang mga karapatan. Sa maraming lugar, mahusay na iniigpawan ng mamamayan ang mga limitasyong bunsod ng malaking presensya ng militar. Nagpapakahusay sila sa mga pamamaaran ng lihim na pagkilos upang ipreserba ang kanilang mga organisasyon, tuluy-tuloy na konsolidahan ang mga ito at patuloy na palawakin at palakasin ang kanilang hanay.

Ang paglakas ng ligal na demo-

kratikong kilusan sa kalunsuran at sa kanayunan ay kailangang-kailangan upang epektibong labanan ang militarisasyon at mga pang-aabusong militar. Kinatatangian ito ng mahigpit na pagtutulungan at koordinasyon sa iba't ibang antas, sa pagitan ng mga lokal na organisasyon sa iba't ibang baryo, sa iba't ibang bayan, sa pagitan ng mga organisasyong masa na nakabase sa kanayunan at nakabase sa kalunsuran at sa pagitan ng mga pambansang sentro at mga lokal na balangay.

Pinatatampok sa buong bansa ang napakaraming kaso ng pang-aabuso sa iba't ibang lugar upang mapakilos ang pinakamalawak na posibleng bilang ng mamamayan laban sa mga ito. Importante ring makipagtulungan sa mga organisasyon sa labas ng bansa upang ilantad sa buong mundo ang mga pang-aabuso at paglabag sa karapatang-tao.

Higit sa lahat, kinakailangang ibayong palakasin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa buong bansa. Ang pagdalas ng malalaki at maliliit na taktikal na opensiba sa iba't ibang panig ng bansa ay sasagka sa kakayahan ng kaaway na matagalang magkonsestra sa alinmang lugar at magdulot doon ng malaking pinsala at labis na pagmalupitan ang mamamayan.

Responsibilidad ng mga rebolusyonaryong armadong pwersa ang pagpapataw ng nararapat na kaparusahan kay Col. Jovito Palparan at iba pang pusakal na mga pasistang utak sa pagpatay kina Ka Eden, Ka Eddie at maraming iba pa.

Katulad ng ipinakita na sa nakaaraan, determinado ang rebolusyonaryong kilusan na bigyang-katuparan ang katarungang isinisi-gaw ng sambayanang Pilipino laban sa pinakamalulupit na pasistang may mabibigat na krimen sa mamamayan.

AB

# ANG Bayan

Taon XXXIV Blg. 7 Mayo 7, 2003

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

## Nilalaman

<b>Editoryal</b>	<b>1</b>
Protesta laban sa 204th Brigade	3
Davao, laboratoryo ng pasismo	4
<b>Panalanta ng pasistang estado</b>	<b>5</b>
Ika-100 Mayo Uno sa bansa	6
Mga pagkilos noong Mayo 1	7
Pagkaubos ng mga propesyunal	8
<b>Mga Ulat Koresponsal</b>	
<i>Kabulukan ng RPA-ABB</i>	9
"Roadmap" ng US sa Palestine	10
<b>Balita</b>	<b>12</b>

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Malawakang galit, sumiklab laban sa 204th Brigade

**S**a harap ng pagpatay kina Elaine "Eden" Marcellana at Eddie Gumanoy, dalawang aktibistang nag-iimbestiga sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa Oriental Mindoro, iba't ibang mga sektor at personahe ang nagpahayag ng galit sa 204th Brigade at sa kumander nitong si Col. Jovito Palparan.

Nitong Abril 21, dinukot sa Barangay Maibon, Naujan sina Ka Eden, pangkalahatang kalihim ng Karapatan-Southern Tagalog, Ka Eddie, tagapangulo ng Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK) at tatlo pa nilang kasamahan.

Natagpuan ang mga bangkay nina Marcellana at Gumanoy sa bayan ng Bansud. Matapos pahirapan, ang tatlo pa nilang kasamahan ay iniwang nakagapos ng armadong mga lalaking nakabonet sa bayan ng Bongabon.

Sina Marcellana at Gumanoy ay nagsasa-gawa ng isang *fact-finding mission* kaugnay ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa Barangay Buong Lupa, Gloria at sa Pinamalyan.

Libu-libong mama-mayan ang naghatid sa bangkay nina Marcellana at Gumanoy sa Mendiola noong Abril 26 bilang pagpapakita na ang karumal-dumal na krimen ay responsibilidad ng rehimeng Macapagal-Arroyo at bilang pagkondena sa isinasagawa nitong matinding militarisasyon at mga paglabag sa karapatang-tao sa Mindoro at iba't ibang lugar sa Pilipinas.

Sa kanyang mensahe sa burol ng dalawa sa UP Chapel noong Abril 25, ipinahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal ang mariing pag-

kundena ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan sa karimarimarim at kasuklam-suklam na pagpatay kina Ka Eden at Ka Eddie.

Ani Ka Roger, "takot na takot si Col. Palparan sa mga nagtatanggol sa karapatang-tao na buong-tapang na tumitindig at naglalantad sa mga kawalanghiyyaan at pang-aabuso ng militar."

Sa pagdiriwang ng Aldaw Kordilyera sa Ilocos Sur noong Abril 24, kinilala ng mahigit 3,000 dumalo ang kabayanihan nina Ka Eden at Ka Eddie. Ang pagtitipon ay pinangunahan ng Cordillera People's Alliance. Kini-lala nila ang mga ginawa nina Ka Eden at Ka Eddie para sa kapakanan ng mga Mangyan sa Mindoro na katulad ng Kaigorotan ay nakikibaka rin para sa mga karapatan ng mga pambansang minorya.

Nagpugay din sa dalawa ang mga lider ng National Democratic Front of the Philippines. Ayon kina Kasamang Joema at Julie Sison, sila ay "mga martir at bayani ng sambayanang Pilipino." Idinagdag nila na "Sa puspusang pagpapalawak ng demokratikong kilusan at pakikibaka sa kaaway lamang natin

sila maipaghiganti at maitata-guyod ang katarungan."

Nakiramay din ang Lucio de Guzman Command (LGC), kumand ng BHB sa isla ng Mindoro. "Ipina-pangako ng aming kumand na hindi masasayang ang pagbubuwis ng buhay nina Eden at Eddie sa lupang Mindoro," pahayag ni Victor Rivero, tagapagsalita ng LGC.

Sa mga paunang imbestigasyong isinagawa ng Karapatan at partidong Bayan Muna, napatunayang ang mga sundalo ng 204th Brigade ang siyang nagsagawa ng pagdukot at pagpatay kina Marcellana at Gumanoy. Bago sila dukutin

at patayin, mismong si Col. Johnny Gomez, kasapakan ni Palparan sa 204th Bde, ang tumawag sa meyor ng Gloria at sinabihan itong paalisin ang mga kasapi ng Karapatan

na nagsasagawa ng imbestigasyon. Nakilala rin ng tatlo pang dinukot si Aniano "Silver" Flores, isang kilalang tauhan ng 204th Bde, na hindi nagsuot ng bonet nang pahirapan sila. Pinasusubalian ng mga imbestigasyong ito ang pahayag ni Col. Palparan na mga grupong vigilante ang nasa likod ng krimen.

Inirekomenda ng grupo ni Rep. Satur Ocampo ng Bayan Muna ang "pagbalik sa baraks" ng 204th Brigade. Ayon kay Ocampo, ang 204th Brigade ang nasa likod ng pagpatay sa 27 pang mga aktibista kabilang ang mga kasapi at upisyal ng Bayan Muna.

Sa harap ng malawakang galit sa militar, napwersa ang pamunuan ng AFP na alisin si Col. Palparan sa Mindoro. Inilipat siya sa 2nd Infantry Division sa Tanay, Rizal. Ang mga pagdinig para sa kumpirma-syon ng kanyang pagging heneral ay sinuspinde rin ng Senado. Ang promosyon ni Palparan noong na-



karaang taon ay nagpapakitang itinataguyod ni Arroyo ang militarisasyon sa isla ng Mindoro.

Gayunman, walang pagbabago sa gawi ng 204th Brigade. Ang Officer-in-Charge nito na si Col. Johnny Gomez ay kasimpasista at walang dudang kasapakat din ni Palparan sa pagpatay. Noong pumunta ang *fact finding mission* ng Bayan Muna at Karapatan sa Gloria para kunin ang mga bangkay, harapan pa silang binantaan ni Gomez na "uubusin" sila ng Special Forces."

Samantala, magsasagawa ng sariling imbestigasyon ang Senado at Kongreso sa kaso ng pagpatay kina Marcellana at Gumanoy. Bukod pa ito sa isinasagawang imbestigasyon ng *task force* ng Department of Justice at National Bureau of Investigation (DOJ-NBI).

Gayunman, duda ang marami na makakamit ang katarungan sa ilalim ng kasalukuyang rehimeng Ayon sa anak ni Gumanoy na si Rose Ann, "Hindi kami umasang matutulungan kami (ni Arroyo). Ang nangyari sa ama ko ay siya namang gusto niyang mangyari."

Ayon kay Orly Marcellana, asawa ni Eden, "Mas gugustuhin ko pang maghintay sa rebolusyonaryong hustisyang tulad ng iginawad kay Colonel Aguinaldo. Kahit ilang dekada pa akong maghintay," dagdag ni Ka Orly.

Sa pagtatapos ng kanyang mensahe, ipinaabot ni Ka Roger, na "nakahanda ang Bagong Hukbong Bayan na igawad kay Col. Palparan ang nararapat na kaparusahan para sa lahat ng kasalanan niya at ng 204th Brigade sa mamamayan ng Mindoro." AB

## Davao City, laboratoryo para sa mga pasistang hakbangin

**G**inagawa ngayong laboratoryo ng US at rehimeng Macapagal-Arroyo ang Davao City sa pagpapakana ng mga senaryo ng "terorismo" at kaakibat na "kontrol" sa populasyon para masubok ang mga epektibong paraan ng panunupil na maaaring magamit sa buong bansa, kabilang na ang pagsasabatas at pagpapatupad ng Anti-Terrorism Bill at National ID System.

Mula nang pasimunuan ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang serye ng mga pagbombs at pamamaril sa paliparan, daungan, pati sa mga moske, at iba pang matataong lugar sa lunsod noong Marso at Abril na ikinamataay ng 38 katao at ikinasugat ng mahigit isandaan pa, sunud-sunod nang ipinataw sa Davao City ang mga mapanupil na hakbangin bilang pangontra umano sa pambombs. Sa bisperas ng pambombs sa daungan ng Sasa, nagpunta sa Davao City si Col. Victor Corpuz, hepe ng *intelligence* ng AFP.

Kagyat pagkatapos ng mga pagbombs, hinigpitang seguridad sa syudad. Nilagyan ng karagdagang mga pwersang pulis at militar ang paliparan, daungan at iba pang matataong lugar. Tinam-



bakan ang syudad ng karagdagang pwersang militar—dalawang batalyon ng Marines, isang Scout Ranger coy, isang Special Forces coy, mga regular na kumpanya ng 701st Bde at dagdag pang mga pwersa mula sa Bohol at Zamboanga.

Tinayuan ng mahihigpit na tsekpoyn ang mga daan papasok sa syudad at ang mismong sentro ng lunsod. Ginawang kalakaran ang pangangapkap at paghalughog ng gamit nang walang mandamyento. Mas masahol pa, ipinailalim ni Macapagal-Arroyo sa tinaguriang "state of lawless violence" (o karahasang walang sinasantong batas) hindi lamang ang Davao City kundi ang buong Rehiyon 10 at 11 upang gawing lehitimo ang mga mapanupil na hakbanging ito.

Sa kagyat, target ng panunupil

ang MILF at mamamayang Moro na pinagbibintangan ngayon ng rehimeng siyang gumawa ng mga pagbombs. Kadedeklara pa lamang ng "state of lawless violence," agad dinukot ang dalawang Moro ng mga lalaking nakabonet at nakauniformeng militar na walang *name patch*. Tatlo pang Moro ang dinukot sa mga sumunod na araw. Ang mga dinukot, na pinaratahang mga kasapi ng Moro Islamic Liberation Front (MILF), ay nawala pa rin hanggang ngayon.

Mahigit 50 nang Morong sibilyan ang inaresto. Patuloy ang pag-sosona sa mga komunidad ng Moro sa Davao City at pagmamarka sa mga bahay ng mga pinalalabas na may kinalaman daw sa MILF at sa mga pagbombs.

Mga paraan ito para subukan ang mga mas "pinong" aplikasyon sa syudad ng kontra-rebolusyonaryong taktikang malawakan at matinding inihahasilik ngayon ng mga pwersang militar ng gobyerno laban sa mamamayan sa kanayunan na sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan—ang "paglilimas ng tubig para huliin ang isda".

Target ng pambansang aplikasyon ng mga paraan ng panunupil na nilalaboratoryo ngayon sa Davao City ang mga militanteng demokratikong organisasyon at iba pang nakikibakang mamamayan. AB



# Tumitindi ang mga paglabag sa mga karapatang-tao

**A**ng pagtortyur at pagmasaker sa siyam na sibilyan at *hors de combat* noong Abril 16 sa Kananga, Leyte at ang pagpaslang sa dalawang aktibistang sina Elaine "Eden" Marcellana at Eddie Gumanoy noong Abril 22 sa Naujan, Oriental Mindoro ay palatandaan ng ibayong pagtindi ng militarisasyon at mga pang-aabusong militar sa bansa.

Ang naturang mga pagpaslang ay karugtong lamang ng humahabang talaan ng Amnesty International ng mga paglabag sa karapatang-tao mula nang maging pangulo si Macapagal-Arroyo noong Enero 2001 hanggang Enero 2003. Batay sa talaan, mayroon nang 172 biktima ng pagpatay, 127 biktima ng tortyur, 879 kataong inaresto at ikinulong, 9,219 biktima ng pambobomba at pamamaril, 11,179 biktima ng paninira ng ari-arian at 17,564 biktima ng sapilitang pagpapalikas.

Sa Timog Katagalugan naman, naitala ng Karapatan-TK ang 1,072 kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao. Sa walang awang pagpaslang kina Marcellana at Gumanoy, umaabot na sa 66 ang mga sibilyang pinagpapatay ng mga powersang militar at paramilitar sa rehiyon. Tatlumpu't-apat sa kanila ang pinatay nito lamang huling dalawang taon. Tatlumpu ang kasing naitala sa Oriental Mindoro.


Ayon naman sa Kapulungan Para sa Lupang Ninuno, isang pederasyon ng mga Mangyan, mayroon nang walong kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng mga Mangyan, dalawa rito mga kaso ng panalbeyds nitong Marso.

Sumusunod ang ilan sa pinakamatitingkad na kaso mula Marso hanggang Abril 2003:



**Abril 25.** Namatay si William Masinid at anak niyang si Wilmore, dalawang taong gulang, nang pauulan ng mga bala ang kanilang bahay ng mga elemento ng 8th Special Forces Battalion sa Barangay Mahan-ub, Baganga, Davao Oriental. Hinuli rin ang anim na sibilyang pinaratangang mga gerilya ng BHB, ayon sa Karapatan-Mindanao.

**Abril 16.** Siyam katao ang tinortyur at minasaker sa Sityo Mahayahay, Barangay San Isidro, Kananga, Leyte nang kubkubin ng mga elemento ng 19th IB ang isang pinaghihinalaang kampo ng BHB. Ang mga biktima ay sina Eugenio Tazan, 54, tagapangulo ng San Isidro Small Farmers' Association; ang tatlong-buwang buntis na si Rowena Superior, 24, myembro ng Bagalungan Small Farmers' Association; Rey Corpin, 13, anak ng ingat-yaman ng Alyansa sa Mag-uuma ug Mamumu; Obet Quidlat, 16; Benjie Cabugoy, 17; Randy Potoy, 15; Teofilo Sumaya Jr., 24; Joe Cosenillo; at isang nagngangalang Louie. Lantaran paglabag sa Protocol II ang ginawang pagpatay. Anim sa mga biktima ay mga sibilyan, tatlo rito ay mga menor de edad. Ang tatlong iba pa ay mga Pulang mandirigmang *hors de combat*. Pawang sa



ulo ang tama ng pito sa mga biktima. Pinagpapalo sila ng matigas na bagay at binanlian ng kumukulong tubig bago patayin nang walang kalaban-laban.

**Abril 15.** Sinalakay ng 300 troopa ng Task Force Davao (pinagsanib na pwersa ng Philippine Marines at Special Forces ng Philippine Army) ang NHA Bangkal, Talomo, Davao City. Bahagi ito ng tuluy-tuloy na pagsosona at iligal na pagrerekisa sa mga komunidad ng Muslim sa lunsod mula noong unang linggo ng Abril.

Dinukot din si Muslimi Maro, residente ng Agdao District, Davao City. Pang-apat siyang Muslim na dinukot ng mga armadong tao, ayon sa Bishops-Ulama League.

**Abril 10.** Dinampot ng apat na armadong lalaki si Lajmar Jumdail, na taga-Agdao din. Dalawang linggo bago ito, pwersahan ding kinuha ng mga armadong tao sina Datu Abdullah Sabdura Ala at Ustadz Zulkifle Alimuddin.

**Marso 31 at 27.** Magkahiyalay na dinukot ng mga sundalo ang mga Mangyan na sina Rizal Matri (Marso 27) at pamangkin niyang si Dino Matri (Marso 31) sa Puerto Galera. Pareho na silang patay nang matagpuan kinabukasan.

Samantala, isa pang Mangyan, si Ricky Looy, ang iniulat na nawawala. Ginawa umano siyang giya sa mga operasyong militar ng Philippine Army.

**Marso 25.** Binulabog ang mga naglalaman sa bangkay ni Florencio "Ka Gerry" de Castro sa Barangay Tagbakin, Tiaong, Quezon. Ang bahay na pinaglalaman ay pinalibutan ng dalawang pangkat ng 5th Special Forces ng Philippine Army at 26 na tropa ng PNP na naghahanap daw ng mga Pulang mandirigmang

sundan sa "Tumitindi," pahina 6

# Mga hamon sa kilusang manggagawa

Noong Mayo Uno, dumagsa sa lansangan ang libublibong manggagawa sa iba't ibang bahagi ng bansa upang muling igiit ang makatarungang pagtaas sa kanilang sahod at ipagtanggol ang kanilang mga karapatan. Kasabay nito, kinundena nila ang pagpapakututa ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa imperyalisong US at ipinanawagan ang kagyat na pagpapatalsik nito sa poder. Kinundena rin ng mga manggagawa ang pamamayagpag ng US bilang nagsosolong *superpower* at ang militaristang pananalakay nito sa mga independyenteng bansa at kilusan. Ipinagdiwang din nila ang ika-100 taon ng Araw ng Paggawa sa Pilipinas.

Sa halip na itaas ang sahod, nag-alok ang rehimeng maliliit na benepisyong malaon nang dapat ibinibigay sa mga manggagawa at mga nakaiinsultong pakonswelo de bobong labis nilang ikinagalit.

Isa sa mga "benepisyong" ito ang pangakong pagpapababa sa baryin sa kuryente. Ang totoo, matagal nang iniutos ng Korte Suprema na isauli ng Meralco ang sobrang siningil nito sa mga konsumer sa nakaraang siyam na taon. Sa halip na kaagad na ipatupad, nakikipag-tawaran pa ang Malakanyang sa pamilyang Lopez na may-ari ng Meralco. Bukod rito, ang matagal nang usapin ng *purchased power*

*adjustment* (PPA) na siyang nagpalobo ng singil sa kuryente, ay hindi pa rin ibinabasura ng rehimeng.

Agad pinalakpakan ng Employers' Confederation of the Philippines (ECOP) ang pagtanggi ni Macapagal-Arroyo na itaas ang sahod. Nais ng ECOP na ipatupad ang mga patakaran lalo pang magpapatindigning pagsasamantala sa mga manggagawa, sa ngalan ng "produktividad" at "pagbangon ng ekomya."

Hindi katanggap-tanggap para sa mga manggagawa ang tauntaong pagdadahilan ng rehimeng at mga kapitalistang padrino nito na ang mga manggagawa ang dapat magtiis dahil bagsak ang ekono-

mya. Di hamak na kulang sa kanilang batayang pangangailangan ang tinatanggap nilang P250 arawang sahod. Ayon mismo sa mga ahensya ng gobyerno, aabot sa P530 ang arawang gastos ng isang anim kataong pamilya.

Tuluy-tuloy na bumabagsak ang tunay na halaga ng sahod sa harap ng nagtataasang presyo ng mga batayang pangangailangan at serbisyo. Dahil dito, ibayong nagiging kalunus-lunos ang kalagayan ng mga manggagawang Pilipino, kasabay ng pagbagsak ng kabuhayan ng mamamayang Pilipino sa kalahatan. Sa gayon, nananatiling makatarungan, at lalong nagiging kagyat, ang iginiiit ng mga manggagawa na P125 pagtaas sa kanilang arawang sahod.

Taong 2000 pa huling nagkaro-



## "Tumitindi," mula sa pahina 5

ma. Bago ito, pinagbawalan at hinaras ng isang Colonel Isles ng PNP ang mga kasapi ng Karapatan-ST na manhuha ng litrato at *video* ng bangkay ni Ka Gerry, na namartir sa sagupaan laban sa 1st IB sa Majayjay, Laguna noong Marso 20.

**Marso 21.** Hatinggabi sa Sityo Pagturian, Barangay Villaflor, Puerto Galera, pinasok at hinalughog ng mga nakamaskara at armadong tao ang bahay ni Francisco Rabano. Nang walang makitang armas sa bahay, pinagbabaril nila si Francisco at kapatid niyang si Mariano. Ninakawan din sila ng P25,000 at mga ari-arian. Pagkatapos ay sinunog ang kanilang bahay kasama ang kanilang mga bangkay. Nakatakas ang

asawa at anak ni Francisco na siyang nakapagkwento ng malagim na pangyayari.

**Marso 14 at 19.** Hindi na muling nakita at itinuturing nang mga "desaparecido" sina Teodoro Manongsong at Luis Aspeto, kapwa pinaghihinalaan ng militar na mga Pulang mandirigma, mula nang "ipatawag" sila ni Col. Jovito Palparan sa kampo ng 204th Bde sa Puerto Galera. Si Manongsong ay ipinatawag noong Marso 14 at si Aspeto noong Marso 19.

**Marso 12.** Dinukot sa kanyang bahay at sinalbeyds si Michael Santiago, residente ng Barangay Pulong Bayabas, San Rafael, Bulacan. Pinalabas ng militar na kasapi ng BHB si Santiago na nakaengkwentro raw nila samantalang isa lamang siyang barangay tanod na walang anumang kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan. AB

on ng kakarampot na pagtaas (P12-20 bawat araw) sa arawang sahod ng mga manggagawa. Noong Nobyembre 2001, sa halip na itaas ang sahod, ipinag-utos lamang ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang pagbibigay ng P30 bilang *emergency cost of living allowance* (ECOLA). Bukod sa insulto ito sa mga manggagawa, sangkapat lamang sa mga manggagawa ang nakatanggap dahil mara-ming kapitalista ang tumangging magbigay nito.

**H**indi lamang pinababayaan ng rehimeng interes at kapakanan ng uring manggagawa, direkta pa nitong inaatake ang kanilang mga karapatan at inaagaw ang tinatamasang mga benepisyong nai-pagtagumpay sa mahigit isang siglo na nilang pakikibaka.

Laganap ang kontraktwalisyon, kawalan ng seguridad sa trabaho at pambubuwag ng mga unyon. Walang renda ang pananalakay sa mga piketlayn at pagsasa sa mga karapatan ng mga nag-wewelga.

Tinatangka ngayon ng rehimeng ikriminalisa ang militanteng unyonismo. Noong 2001, mismong si Macapagal-Arroyo ang naghanay sa lumalabang mga manggagawa sa listahan ng mga "terorista". Sa pinakabago naman nitong panukalang "kontra-terorismo," maaaring arbitraryong ideklarang mga "teroristang aksyon" ang anumang sama-samang pagkilos ng mga manggagawa sa loob at maging sa labas ng pabrika. Sa pamamagitan nito, layunin ni Macapagal-Arroyo na supilin ang militanteng kilusang unyon na tuluy-tuloy na bumabatikos sa mga patakaran at programa ng kanyang rehimeng.

Dagdag dito, nais ng rehimeng lalo pang pasahulin ang mga kontra-manggagawang prubisyon ng Labor Code ng Pilipinas upang lalo pa itong umayon sa imperyalistang globalisasyon. Kung ma-

pagtitibay ang mga susog, magiging mas sistematiko ang pagpatupad ng patakaran ng mura at pleksibleng paggawa. Kabilang sa mga panukalang pagbabago ang sumusunod:

► Pagtatakda ng mga pagtaas ng sahod tuwing ika-anim na taon lamang at lalo pang rehiyunalisyon ng pagtatakda nito.

► Pagpapahaba ng epektibidad ng mga *collective bargaining agreement* (CBA) sa anim na taon mula sa kasalukuyang dalawa hanggang tatlong taon.

► Ibayong ligalisasyon ng *lock-out* o ang pagtigil ng operasyon ng empresa o pabrika sa panahon ng welga o negosasyon upang sipain

sa trabaho ang mga welgista o pilitin silang tanggapin ang anumang iniaalok ng kapitalista.

► Regulasyon ng *labor-only contracting*, isang laganap na gawi ng malalaking kumpanya tulad ng SM kung saan karamihan ng mga manggagawa ay habambahay na pinananatiling kontraktwal. Hindi na rin ituturing na kriminal ang *labor-only contracting*.

► Pagmamanman at paniniktik sa mga unyon at organisasyong paggawa, laluna sa pinagmumulan ng mga pondo nito.

Itinutulak din ng mga kapitalistang padrino ni Macapagal-Arroyo ang sampung taong pagbabawal ng welga. AB

## Libu-libong manggagawa, dumagsa sa lansangan noong Mayo 1

**N**agtipon ang 20,000 manggagawa sa Liwasang Bonifacio sa Maynila nitong Mayo 1, Pandaigdigang Araw ng Paggawa. Hininarang naman ng mga pulis at militar ang mga delegasyon mula sa Quezon at Sto. Tomas, Batangas na patungo sana sa Maynila upang lumahok sa pagkilos.

Sa Pampanga, nagrali ang mahigit 2,000 manggagawa mula sa mga pabrika ng Cosmos, Pepsi, San Miguel at iba pa sa harap ng Clark Economic Zone laban sa kontraktwalisasyon. Tinuligsa naman ng 2,000 manggagawa mula sa *export processing zone* (EPZA) sa Cavite ang patakaran "no union, no strike" ng EPZA. Daan-daang manggagawa din ang kumilos sa Baguio at Naga City.

Sa Visayas, mahigit 22,000 manggagawa at kawani ng gubyerno ang nagrali sa iba't ibang syudad. Tampok ang mga pagkilos sa Tacloban (5,000), Iloilo (4,000), Bacolod (5,000) at Cebu (3,000) na naggiit ng dagdag na sahod at tumuligsa sa panukalang mga susog sa *labor code*.

Sa Davao, umabot sa 4,000 ang nagrali. Sa General Santos, mahigit 4,000 manggagawa, na karamiha'y mula sa Dole Philippines, ang nagtipon sa sentro ng syudad. Daan-daan naman ang nagrali sa Cagayan de Oro.

Noong Abril 28, inihapag na ng mga kinatawan ng Bayan Muna sa kongreso ang isang alternatibong panukalang *labor code* na kumprehensibong sasagot sa mga kahilingan ng mga manggagawa. Nanawagan na rin si Bayan Muna Rep. Liza Maza na imbestigahan na ng kongreso ang laganap na gawi ng kontraktwalisasyon sa malalaking kumpanya katulad ng SM.

Tuluy-tuloy ding itinutulak ni Bayan Muna Rep. Crispin Beltran ang panukalang pagtaas ng P125 *across-the-board* sa kongreso. AB

# Naghahanap ng mas maginhawang buhay

**Nalilimas patungo sa ibayong dagat ang mga Pilipinong propesyunal dahil sa kawalan ng sapat na empleyo sa loob ng bansa**

**M**abilis na dumarami ang bilang ng nangingibang-bansang mga Pilipinong propesyunal na may mataas na kasanayan (*highly skilled*). Tumaas ang bilang nila mula 25% ng kabuuang nangingibang-bansya noong kalagitnaan ng dekada 1990 tungong 31% noong 2000.

Kabilang dito ang mga nars, doktor, guro, inhinyero, akawntant at iba pang may mataas na kasayan. Karamihan sa kanila ay pumunta sa US, Canada, United Kingdom at iba pang bansa sa Europe.

Kawalan ng trabaho at di sapat na sahod ang mga pangunahing dahilan ng mga propesyunal na nangingibang-bansya.

Ayon sa datos ng reaksyunaryong gubyerno noong Enero, 10.6% ang mga walang hanapbuhay at 16.1% naman ang mga kulang ang hanapbuhay. Tuluy-tuloy pa itong nadaragdagan dahil sa lumalalang krisis sa ekonyoma.

Palarin mang makakita ng trabaho, sadyang napakababa ng sweldo ng tinatanggap ng mga propesyunal. Halimbawa, umaabot lamang sa P5,000 bawat buwan ang kabuuang sweldo ng isang ordinaryong nars sa bansa. Mas malaki rito nang 43 ulti ang sweldo ng mga nars sa US (umaabot sa P215,000) at nang 17 ulti sa Canada (P85,000).

## **Labor export policy ng rehimens**

Pinangangasiwaan ng gubyerno ang umaabot sa 200 rehistrado at di-rehistradong mga *caregiver school* sa Kamaynilaan. Ang mga eskwelahan ng ito ay nagsasanay ng mga nag-aaplay bilang mga *caregiver* (tagaalaga ng mga bata, matatanda at mga maysakit) sa ibang bansa.

nang 18.3% kaysa parehong mga buwan noong 2001.

## **"Brain drain"**

Dahil sa maramihang pangingibang-bansya ng mga propesyunal, lalo na sa sektor ng kalusugan, lalong lumalala ang dati nang kakulangan sa mga doktor at nars sa mga ospital.

Ayon sa Alliance of Health Workers (AHW), sa 11 ospital, umaabot sa 800 o 17% ng mga nars ang nangingibang-bansya. Sa ngayon, ayon sa reaksyunaryong gubyerno, umaabot na sa 300,000 ang mga rehistradong nars na nangingibang-bansya.

Sa kabilang lahat ng ito, nagbibingi-bingihan pa rin ang rehimens sa pakikibaka ng mga manggagawa sa pribado at pampublikong sektor para sa mas mataas na sahod at mas mabuting kundisyon sa paggawa.

Sa isang lipunang hindi kinakilinga ng gubyerno ang mamamayan upang mamuhay nang disente at masagana, nararapat lamang na ibayo pang ipaglaban ng mga manggagawa at mga propesyunal ang kanilang kabuhayan at mga karapatan. AB





# Kabulukan ng RPA-ABB, ibayong nabubunyag

**N**oong Nobyembre 2002, sumurender sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Negros ang isang kumander ng gangster na RPA-ABB, si Raul Villar alyas Ka Drilon. Kasama rin niyang sumuko ang dalawa pa niyang tauhan. Sumurender si Drilon dahil napag-alaman niyang ipinapapatay na siya ng pamunuan ng RPA-ABB dahil sa pagbatikos niya sa mga gawaing gangster nito.

Hawak ngayon ng BHB sina Drilon at kasalukuyan silang pumailalim sa proseso ng imbestigasyon at puspusang reedukasyon at rekтиpikasyon.

Kasabay ng pagsuko, naglabas ng pahayag si Drilon na humihingi ng patawid sa publiko hingga sa mga krimeng nagawa niya at ng kanyang yunit noong nasa ilalim pa sila ng RPA-ABB. Inilanted rin niya ang mga krimen ng RPA-ABB partikular sa Negros Oriental.

Tampok sa mga krimeng inilantad ni Ka Drilon ang isinagawang panghoholdap sa isang bangko sa Maninihon, Bayawan City, Negros Oriental noong Mayo 8, 2002 na pinamunuan niya mismo. Ayon kay Drilon, iniutos sa kanila ni ni Rey Mallari, pinuno ng “*regional command*” ng RPA-ABB ang panghoholdap upang makakuha ng pondong panustos para sa mga yunit ng RPA-ABB, mga prenteng organisasyon nila at mga pamilya. Inatasan silang mangholdap para may maipakain sila sa kanilang mga pamilya, ani Drilon, samantalang maluho ang pamumuhay ng pamunuan ng RPA-ABB.

Napatay sa naturang holdap ang apat na empleyado ng bangko at nasamsam ang P213,000 pondo ng lunsod ng Sta. Catalina. Ginamit nina Ka Drilon sa panghoholdap ang mga armas na inisyu sa kanila ng mga upisyal ng PNP at AFP.

Dagdag dito, ani Drilon, nagsa-

gawa rin ng sumusunod na kriminal at teroristang aktibidad ang mga yunit ng RPA-ABB sa ilalim ng tuwirang pamumuno nina Lualhati Carapali at Rey Mallari:

- ▶ Pambomboma sa *oil depot* sa Pandacan, Manila
- ▶ Pambomboma sa *oil depot* sa Amlan, Negros Oriental
- ▶ Pananakot sa Universal Robina Sugar Milling Company sa Negros Oriental, at pangingikil ng ilang milyon mula rito

▶ Panloloko at pangingikil sa mga kilalang personalidad sa Negros Oriental. Kabilang dito ang mga pulitikong hinihingan ng buwanang halaga para diumano sa mga organisasyong masa pero napupunta lamang sa pamunuan ng RPA-ABB; mga panginoong maylupa na hinihingan ng pera kundiman parte sa lupa kapalit ng paghupa ng mga lehitimong kahilingan at reklamo ng masa laban sa kanila;

- ▶ Pagdidiliensya mula sa mga *druglord*
- ▶ Pagtatayo ng dalawang lihim na grupo para sa pangingikil, gangsterismo at paghahasik ng takot sa publiko. Ang isa rito ang siyang nangholdap ng bangko sa

Bayawan


City. Ang isa pa ay pinamunuan ng isang alias “Rendo” na inatasang mangkil sa Siaton, Negros Oriental.

Lubos ang pagsisi, pagkunde-na sa mga kinasangkutang krimen, at pagpupuna-sa-sarili nina Drilon at kanyang mga kasamahan sa grupo sa ginawa nilang mga krimen. Ipinahayag nila ang kanilang kahandaang pumaloob sa anumang proseso upang mabigyang-hustisa ang lahat ng kanilang mga nabiktima.

Kasabay nito, nanawagan si Ka Drilon sa naiwan pa niyang mga kasamahan sa mga yunit ng RPA-ABB na itakwil ang gangsterismo at papanagutin sina Carapali at Mallari sa lahat ng kanilang mga krimen sa mamamayan at sa kapwa nilang mga kasapi ng RPA-ABB. Inengganyo niya ang mga myembro nitong kagyat na tumiwalag sa grupo at bumalik sa tamang landas ng paglilingkod sa masa at rebolusyon. Aktibo ring nakikipagtuluhan si Drilon sa pagbawi ng mga erya at yunit ng BHB na inilihis at ginamit ng mga kontra-rebolusyonaryong taksil sa Negros Oriental mula pa noong maagang bahagi ng dekada 1990.

Sa pagkalas ni Drilon sa RPA-ABB, ibayong nabunyag ang kabulukan at katiwalian ng RPA-ABB sa Negros Oriental.

Ani Drilon, aktibong nakiki-pagsabwan ang pamunuan ng RPA-ABB, laluna si Rey Mallari, sa mga reaksyunaryong pulitiko sa Neg-





ros. Sa partikular, tumatanggap ng buwanang alawans si Mallari at si Jake Roxas, isa pang kumander ng RPA-ABB, mula sa pondong pang-intelligence ni Gov. George Arnaiz ng Negros Oriental. Bukod pa rito, tumatanggap din ng P4,000 bawat buwan si Mallari mula sa Department of Public Works and Highways.

Mas masahol pa, nakikipagsabwatan din sina Carapali at Mallari sa militar at pulisia upang dakpin at isalbeyds ang mga myembro ng RPA-ABB na nabubunyag na sangkot sa mga gawaing kriminal, laluna yaong mga nagsisimula nang magkwestyon sa kanilang mga palakad. Pagkatapos nito, kinokolekta ng mga trayor ang pondong ipinatong ng militar at rehimens sa ulo ng ipinagkanulo nilang mga kasamahan. Ganito sana ang sasapitin ni Drilon kung hindi siya kumalas sa RPA-ABB.

Halos kumpleto na rin ang integrasyon ng mga yunit ng RPA-ABB sa reaksyunaryong militar. Nitong Enero, inaprubahan na ni Macapagal-Arroyo ang pagtangan ng RPA-ABB ng 100 armas alinsunod sa "pinal na kasunduang pangkapayapaan" na pinirmahan ng gubyerno at ng pamunuan ng RPA-ABB na sina Arturo Tabara at Nilo de la Cruz noon pang Pebrero 28, 2002. Sa kasunduang ito, lubusan nang ibinunyag nina Tabara at de la Cruz ang kanilang mga sarili bilang mga bayaring elemento ng reaksiunaryong gub-yerno at militar at pormal nang isin-anib ang kanilang mga operasyon sa PNP at AFP laban sa BHB at rebolusyonaryong kilusang Panay at Negros. AB



## Bitag

### Sa pamamagitan ng tinagurian nitong "roadmap" tungo sa kapayapaan, nais iligaw ng US ang pakikibaka ng mga Palestino at patibayin pa ang kontrol sa Middle East

**H**indi na iilang pagkakataong "namagitan" ang US sa Palestine at Israel, ngunit sa halip na malutas ay lalo lamang umigting ang mahigit kalahating siglo nang tunggalian. Nabigo ang lahat ng nakaraang mga inisyatiba ng US dahil hindi nito nilulutas ang pinakaugat ng problema—ang pananakop at agresyon ng Israel sa Palestine.

Wala sa moral na katayuan ang US para tumayong tagapamagitan sa tunggalian. Hindi lingid sa kaalaman ng mga Palestino na sinusuportahan ng US ang Israel. Lahat ng mga nagdang "planong pangkapayapaang" inihapag ng US ay kiling sa interes ng mananakop. Sa lahat ng mga hakbanging ito, ang tanging nilalayon ng US ay paluhurin ang Palestine at tiyakin ang seguridad at preserasyon ng Israel, ang pinakaestra-tehikong alyado nito sa Middle East.

Nitong huli'y ni hindi pinagsikapan ng US na ikubli pa ang pagkampi nito sa Israel. Noong nakaraang taon, nagpasa ang kongreso ng US ng batas na kumikilala sa lunsod ng Jerusalem bilang kabisera ng Israel, gayong isa ito sa pinakasusing mga using pinagtutunggalian at naging sanhi ng pagkabigo ng negosasyon noong 2000. Ngayon naman, naglalaan ang US ng aabot sa \$55 bilyong ayuda sa Israel.

Nang hindi matuloy ang inaahanang "pinal na kasunduan" noong Setyembre 2000, lalong bumwelo ang marahas na pananakop ng Israel sa mga territoryo ng Palestine. Sa kabilang panig, muling sumiklab ang *intifada* o pag-aalsa ng mga Palestino.

Sa harap ng nag-iibayong ar-

madong paglaban ng mga Palestino, naglunsad ang Israel ng serye ng todo-todong mga atake at nana-kop ng marami pang lugar sa territoryong Palestino. Nagsabutan ang US at Israel sa pagtatangkang igupo ang pamumuno ni Yas-ser Arafat sa Palestinian National Authority (PNA), ang prubisyunal na gubyerno ng Palestine.

Libu-libo ang namatay sa mga kara ha-sa nang ito, kakalhan ay mga sibilyang

Palestinong minasaker ng Israeli Defense Forces.

Kinukundena ng US bilang terorismo ang lehitimo at makatarungang armadong paglaban ng mga Palestino para sa pagpapasyasa-sarili, samantalang ni ha ni ho'y wala itong sinabi laban sa eksponsyunitismo at pandarahas ng Israel sa Palestine.

### Ang "roadmap" ng US

Isa na namang panibagong "planong pangkapayapaan" ang pinapakana ngayon ng US para sa





tunggaliang Palestino-Israeli. Higit kaysa dati, pwersado ngayon ang US na ihanap ng solusyon ang tunggalian dahil nangangamba ito sa pagsidhi ng mga sentimyentong anti-US sa Middle East sanhi ng pagsakop nito sa Iraq. Umaasa ang US na kung malulutas ang tunggaliang Palestino-Israeli, huhupa ang galit ng mga Arabo at magiging mas paborable ang sitwasyon para sa mga imperialistang interes sa rehiyon.

Ang bagong plano ay tinaguriang "roadmap" o mapa ng daan tungo sa kapayapaan sa Palestine. Kinaladkad ng US ang United Nations, European Union at Russia at binuo ang tinaguriang Quartet (grupo ng apat) para ipinalat pa-banguhin ang "roadmap" at para gamitin ang mga ito sa paghikayat at pagpresyur sa Palestine.

Katulad ng nakaraang mga pakana ng US, tagibang ang solusyon inihahapag ng ipinamamalang "roadmap." Pinapatawan nito ng napakabibigat na kundisyon ang pagkilala at pagtatataog ng malayang estado ng Palestine.

Unang-una na, dapat umanong itigil ng mga Palestino ang mga armadong pag-atake at supilin ang lahat ng mga armadong grupong nasa gulugod ng pakikibaka ng mamayang Palestino. Pinalalabas nitong ang karahasan ng Israel ay pagtatanggol lamang sa sarili. Makakamit lamang umano ng Palestine ang kapayapaan at kasarinlan kung ititigil nito ang armadong pakikibaka.

Para rito, dapat umanong itayo ang isang bagong gubyernong Palestino na mapagpasyang susupil sa mga "terorista." Nais ng US na alisan ng kapangyarihan si Arafat dahil tumatangi siyang supilin ang mga militanteng armadong grupong tulad ng Hamas at Islamic Jihad. Bukod rito, nais ng US na

**Ipinakikita lamang ng mga ito na hindi mawawala ang matinding galit at hindi titigil ang armadong paglaban ng mga Palestino habang hindi napapalayas ang Israel at hindi naitatataog ang isang tunay na malayang estado ng Palestine.**



putulin ang suportang tinatanggap ng mga militanteng grupo mula sa PNA.

Matapos ang ilang linggong pambabraso ng US at ng Quartet, pinagtibay ng parlamentong Palestino ang bagong gubyernong pamumunuan ni Mahmoud Abbas bilang *prime minister*. Sinusuportahan ng US ang paghirang kay Abbas, gayundin kay Mohammed Dahlan bilang espesyal na ministro para sa mga usaping panseguridad, dahil nagpapahayag sila ng kahandaang disarmahan ang mga armadong militante upang bigyang-daan ang "roadmap."

Binasbasan ni Arafat ang paghirang kina Abbas at iba pa sa bagong gabinete ng PNA kahit na naging bantulot siya sa paghirang kay Dahlan. Gayunman, mananatili pa rin si Arafat bilang pangulo ng PNA at mapagpasya pa rin siya sa pagbubuo ng mga saligang patakaran at kapasyahan ng PNA.

#### Tiyak na kabiguan

Ilang oras lamang matapos pagtibayin ang bagong gubyerno, isang Palestinong *suicide bomber* ang nagpasabog ng bomba sa lunsod ng Tel Aviv, kabisera ng Israel. Tatlo ang namatay at humigit-kumulang 40 ang nasugatan sa insidente.

Inako ng mga militanteng grupong Hamas at Al Aqsa Martyrs Brigades ang pagpapasabog. Anila, hindi sila magbababa ng armas hangga't walang nailalatag na solusyon sa tunggalian. "Bibirahan namin ang Zionistang kaaway sa lahat ng sulok ng Palestine hanggang magwakas ang pananakop," dagdag pa ng tagapagsalita ng Hamas.

Tahasang tinanggihan ng Hamas ang "roadmap" ng US. "Isa itong plano para likidahan ang adhikaing Palestino," anang lider nitong si Sheikh Ahmed Yassin.

Ipinakikita lamang ng mga ito na hindi mawawala ang matinding galit at hindi titigil ang armadong paglaban ng mga Palestino habang hindi napapalayas ang Israel at hindi naitatataog ang isang tunay na malayang estado ng Palestine.

Siguradong patuloy na yayani-gin ng armado at di armadong paglaban ng mga Palestino at lahat ng mamayang Arabo ang sabwatang US-Israel at ang impreyalistang paghahari sa Middle East. Ang landas tungo sa kapayapaan sa Palestine at sa buong rehiyon ay di hamak na mas masalimuot sa anumang "roadmap" na ilatag ng mga impreyalist.

## Ika-30 anibersaryo ng NDFP, ginunita

EKSAKTONG 30 taon noong Abril 24 nang mabuo ang 10-Puntong Programa ng National Democratic Front (NDF), na siyang naghudyat sa kapanganakan ng rebolusyonaryong alyansa. Ginunita ito ng mga kasama at alyado sa Pilipinas at Europe sa pamamagitan ng isang raling iglap noong Abril 23 sa Maynila, porum at *photo exhibit* noong Abril 24 sa University of the Philippines-Diliman, at salusalo sa Utrecht, The Netherlands.

Mahigit 60 kasapi ng mga lihim na rebolusyonaryong organisasyong masa ang sumama sa raling iglap sa Avenida. Habang nagmamartsa, iwinagayway ang mga bandila ng NDFP, Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), Bagong Hukbong Bayan (BHB), Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP), Christians for National Liberation (CNL), Revolutionary Council of Trade Unions (RCTU), Katipunan ng mga Gurong Makabayan (KGM), Kabataang Makabayan (KM), Makabayang Kilusan ng Bagong Kabaianhan (Makibaka), Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) at Makaba-

yang Kawaning Pilipino (MKP).

Kinatampukan naman ang porum sa UP ng pagtawag sa telepono ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng PKP, upang batin ang mga kasama sa anibersaryo ng NDFP. Dumadagundong na palakpakan ang ibinigay ng mahigit 300 dumalo sa porum kay Ka Roger. Sa kanyang pahayag, inilarawan ni Ka Roger ang NDFP bilang isang "di magigibang moog ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino."

Binasa rin sa pagtitipon ang pahayag ng Pambansang Komiteng Tagapagpaganap ng NDFP, mga alyadong organisasyon nito, at nila kasamang Jose Ma. Sison at Luis Jalandoni.

Samantala, ipinakita sa isang *photo exhibit* kung ano ang mga layunin ng NDFP at ang iba't ibang larangan ng rebolusyonaryong gawain, magmula sa gawaing militar hanggang sa gawaing internasyunal at diplomasya. Nagpalabas din ng isang presentasyong *multimedia* ukol sa 12-Puntong Programa ng NDFP.

## Ika-185 kaarawan ni Karl Marx, ipinagbunyi

"KUNG walang rebolusyonaryong teorya, walang rebolusyonaryong kilusan," ang pagbat ni Prof. Jose Ma. Sison sa mga nagtipong kabataan at guro nitong Mayo 5 sa pagdiriwang ng ika-185 anibersaryo ng kapanganakan ng daki-lang komunistang guro na si Karl Marx.

"Ang pinakamahalagang instrumento para sa isang rebolusyonaryong kilusan upang magkaroon ito ng matatag na pundasyon ay mga kadreng may kumprehensibo at malalim na kaalaman sa rebolusyo-

naryong ideolohiya ng uring proletarya....," ayon pa kay Prof. Sison. Aniya, ang tuluy-tuloy na pag-aaral ng Marxism-Leninismo ang huhubog sa mga aktibista upang maging ganap na mga cadre.

Dagdag pa ni Sison, "marapat buuin ang mga sirkulo ng pag-aaral at paramihin ang mga kadreng may matatag na kaalaman sa Marxism-Leninismo." Sa ganitong paraan, matitiyak ang konsolidasyon ng malapad na kilusang masa tungo sa tamang direksyon ng rebolusyon.


## Demonstrasyong anti-US sa Iraq, pinagbabaril ng mga tropang Amerikano

NITONG Mayo 2, idineklara ni US President Bush na "tapos na ang gera" sa Iraq at, salamat umano sa mga tropang Amerikano, "ikinatutwa ng mamamayan ang panunumbalik ng kapayapaan at demokrasya" roon. Malayung-malayo ito sa totoong nangyayari. Namamayani sa Iraq ngayon ang kaguluhan at krisis sa kabuhayan. Walang tubig, kuryente at pagkain sa mga syudad, laganap ang kriminalidad at kawalan ng batas, at nagbabadyang sumiklab ang madugong kumprontasyon ng mga naiwang tropang Amerikano at mamamayang Iraqi na galit sa pananakop ng US.

Aabot sa 13 Iraqi, kabilang ang ilang batang pito hanggang 10 taong gulang, ang namatay at ilampu ang nasugatan nang pagbabarilin ng mga tropang Amerikano ang mga demonstrasyon noong Abril 28 at 30 sa bayan ng Falluja. Iginigiit ng mga demonstrador ang pag-alis ng mga tropang Amerikano mula sa isang paaralan na ginagamit na baraks ng mga sundalo.

Hindi ito ang unang pagkataon na ginamitan ng mga tropang Amerikano ng dahas ang mga demonstrasyon. Noong magagang bahagi ng Abril, mahigit 10 Iraqing nagrali sa Mosul ang pinatay ng mga tropang Amerikano.

Habang patuloy na lumalawak ang mga demonstrasyon laban sa US sa iba't ibang bayan sa Iraq, hindi mapapanatag ang okupasyon ng US sa bansa. Tapos na raw ang gera, pero aabot sa tatlo hanggang apat na libong karagdagang tropang Amerikano ang balak pang italaga sa Baghdad.




*Editoryal*

# Ibayong labanan ang papatinding militarisasyon sa Mindoro at ibang lugar

**M**ariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang pagdokot at pagpatay kina Elaine "Eden" Marcellana at Eddie Gumanoy sa Naujan, Oriental Mindoro habang nag-iimbestiga sa mga kaso ng pang-aabuso ng 204th Bde.

Matingkad nitong inilalarawan ang lantaran at wala pang kasintinding panunupil at pamiminsalang dulot ng napakalupit na militarisasyon sa Mindoro mula nang maupo ang kasalukuyang rehimeng Sina Marcellana at Gumanoy ang ika-31 at ika-32 aktibistang pinatay ng mga tropa ng 204th Bde sa pamumuno ni Col. Jovito Palparan.

Noong 2001, idineklara ng Malakanyang na ang pagwasak sa Bagong Hukbong Bayan sa Mindoro ay isang "pambansang prayoridad" sa programang "counterinsurgency" ng AFP. Todo-todong suporta ang ibinigay ni Macapagal-Arroyo sa mga kampanyang militar dito. Ngunit bigo ang pasistang AFP na durugin ang BHB sa isla dahil sa malalim na suporta ng masa rito at sa kanilang mataas na militansyang isulong ang kanilang mga rebolusyonaryong pakikibaka. Kapuri-puri ang ipinamamalas na katatagan ng mamamayan ng Mindoro na puspusang labanan ang militarisasyon doon.



Sa kabiguang puksain ang BHB, itinututok ngayon ng AFP ang kanilang mga baril sa mamamayan. Lantaran ang paghaharing militar. Walang habas ang paghahasik ng terorismo sa kanayunan. Ang lalong tumitinding militarisasyon at pagmamalupit ng militar sa

**Mga tampok sa isyung ito...**

Pagpaslang sa mga aktibista sa Mindoro

PAHINA 3

Davao City, laboratoryo ng pasismo

PAHINA 4

Mga hamon sa kilusang manggagawa

PAHINA 6